



Name of School:			Ikaapat na Markahan
Grade Level & Section:	Grade 7	Week:	Week 7 Day 2
Subject:	FILIPINO	Date and Time:	
Topic:		Teacher:	

I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM		ANNOTATIONS
A. Pamanta yang Pangnilalaman	Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng Obra Maestra – Ibong Adarna para sa paghubog ng kaakuhan at pagpapahalagang Pilipino, at pagbuo ng mga teksto sa iba’t ibang paraan (multimodal) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens.	
B. Pamanta yang Pagganap	Nakabubuo ng iskrip para sa shadow play tungkol sa mahahalagang pangyayari sa Ibong Adarna na maiuugnay sa pagiging Pilipino na isinasaalang-alang ang mga elemento ng biswal at multimodal na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo at etikal na kasanayan at pananagutan.	
C. Mga Kasanay ang Pampagkatuto	Nasusuri ang mga detalye ng tekstong pampanitikan para sa kritikal na pag-unawa 1.Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari 2.Natutukoy ang pangyayaring nagpapakita ng pagbababala (foreshadowing) 3.Natutukoy ang pangyayaring nagpapakita ng balik-tanaw (flashback) 4.Naipaliliwanag ang kahulugan ng mga pahiwatig 5.Naibibigay ang mensahe at kaisipan sa Ibong Adarna 6. Nakapaghahambing ng mga tekstong hawig sa IBong Adarna at iba pang koridong nasusulat sa Pilipinas at sa ibang bansa.	
II. NILALAMAN/PAKSA		

Obra: Ibong Adarna Saknong 1363-1717

III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO

A. Mga Sanggunian

Avanceña, F. R. (n.d.). FILIPINO_Q4_MODULE-7. Scribd. <https://www.scribd.com/document/514844777/FILIPINO-Q4-MODULE-7> Canoy, P., & Tacbas, D. (2020). FILIPINO SA PILING LARANG (SINING AT DISENYO) Kuwarter 4 – Modyul 2: Ang mga Sining Panteatro (1st ed.). Candelario, Marietta, et al., (2009). Ibong Adarna Obra Maestra Batayang Akdang Pampanitikan Ikatlong Edisyon, 15-70, Rex Bookstore. CCBJ Club. “Don Juan Tiñoso (Isang Sipi O Excerpt Mula Sa Korido).” www.youtube.com, 22 Nov. 2022, www.youtube.com/watch?v=3LJF82VVsl. Accessed 4 Mar. 2024. charo. “PPT - Ang Alamat Ni Bernardo Carpio PowerPoint Presentation, Free Download - ID:3255175.” SlideServe, 15 Aug. 2014, www.slideserve.com/charo/ang-alamat-ni-bernardo-carpio. Accessed 4 Mar. 2024. Clipartbest.com. “Bing.” Bing, 2015, www.bing.com/images/search?view=detailV2&ccid=7M3dedOM&id=5AC373E6B134D80427D68B3A7886AEE96535CC39&thid=OIP.7M3dedOM0U. Accessed 4 Mar. 2024. Concepcion, Ofelia E.(2009) Ibong Adarna, 6-24, Prime Multi-Quality Printing Corp. Cruz, Emerlinda. Ibong Adarna (Isang Korido). Quezon City, C & E Publishing, Inc, 2008. GMA Playground. “Bernardo Carpio Koridong Anyo - Search Videos.” www.bing.com, www.bing.com/videos/riverview/relatedvideo?&q=Bernardo+Carpio+koridong+anyo&&mid=5FF8BCC8520BF1E0D3B55FF8BCC852. Accessed 4 Mar. 2024. “Katangian Ng Korido – Ano Ang Katangian at Halimbawa Ng Korido?” PhilNews, 1 Oct. 2021, philnews.ph/2021/10/01/katangian-ng-korido-ano-ang-katangian-at-halimbawa-ng-korido/. Accessed 4 Mar. 2024. Ki. “Kahalagahan Ng Korido – Kahulugan at Halimbawa Nito.” Newspapers, 14 Dec. 2021, newspapers.ph/2021/12/kahalagahan-ng-korido-kahulugan-at-halimbawa-nito/. Accessed 4 Mar. 2024. Komisyon sa Wikang Filipino. “Diksiyonaryo.” Diksiyonaryo.ph, diksiyonaryo.ph/. Accessed 2 Mar. 2024. Lee, R. (2017). TRIP TO QUIAPO (SCRIPT WRITING MANUAL). THE WRITERS STUDIO. Lopez-Royo, J., Lucas Lacano, Limosnero-Ipong, M., & Lalunio, Dr. L. (2011). Bagong Likha I. JO-ES Publishing House, Inc. Mckoi M. “Ang Korido.” Slideshare, 22 Mar. 2015, www.slideshare.net/cli4d/ang-korido. Villanueva, Pedro

	Reyes. Korido: Ang Buhay Na Pinagdaanan Ni Don Juan Tiñoso at Juan Labuyo. Google Books, Philippine Book Company, 1977, books.google.com.ph/books/about/Korido.html?id=ImY4AAAAMAAJ&redir_esc=y . Accessed 4 Mar. 2024.	
B. Iba pang Kagamitan		

IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO

Bago Ituro ang Aralin

Panimulang Gawain	Panuto: Basahin ang mga sumusunod na pangyayari mula sa saknong 1363-1717. Isulat kung ito ay Pagsubok, Tagumpay, o Kataksilan. 1. Tinulungan ni Donya Maria Blanca si Don Juan upang matapos ang mahihirap na utos ng hari. 2. Nilinlang nina Don Pedro at Don Diego si Don Juan at iniwan siyang mag-isa. 3. Matagumpay na nagawa ni Don Juan ang lahat ng hamon na ibinigay ng hari. 4. Bumalik si Don Juan sa kanyang kaharian dala ang tagumpay.	SAGOT Pagsubok Kataksilan Tagumpay Tagumpay
Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin	Maitala at maipaliwanag ang mahahalagang pangyayari mula sa <i>Ibong Adarna</i> (Saknong 1363-1717) sa tamang pagkakasunod-sunod. Matukoy ang mga pangunahing tauhan at ang kanilang papel sa bawat pangyayari. Makapaghinuha ng mahahalagang aral mula sa mga naganap na tagpo. Makagawa ng isang malikhaing pagpapahayag (hal. storyboard, timeline, pagsasadula) ng tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari.	

	Mailapat ang mga natutunang aral mula sa kwento sa tunay na buhay.	
Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parrirala o Mahahalagang Konsepto	Bokabularyo Pagsubok – Mga hamon o pagsasanay na kailangang lampasan ng isang tauhan, tulad ng mga utos ni Haring Salerno kay Don Juan. Mahika – Kapangyarihang supernatural na ginagamit ng ilang tauhan, tulad ni Donya Maria Blanca, upang tulungan si Don Juan. Pagtataksil – Pagkakanulo o panloloko, tulad ng ginawa nina Don Pedro at Don Diego kay Don Juan. Pagtakas – Pagsubok na makalayo sa isang mapanganib o mahirap na sitwasyon, tulad ng pagtakas nina Don Juan at Donya Maria Blanca mula sa kaharian ng Reyno de los Cristales. Pagsunod-sunod – Ang maayos na pagkakaayos ng mga pangyayari ayon sa tamang daloy ng kwento. Panunumbalik ng Alaala – Ang pagbabalik ng nawalang alaala, tulad ng pagbawi ni Don Juan sa kanyang pagmamahal kay Donya Maria Blanca. Kasunduan – Isang pangako o kasunduan sa pagitan ng mga tauhan, tulad ng pangako ni Donya Maria Blanca kay Don Juan na tutulungan siya sa mga pagsubok. Katarungan – Ang pagiging makatarungan o patas, na makikita sa pagtatapos ng kwento kung saan natamo ni Don Juan ang nararapat para sa kanya. Paghihiganti – Pagganti sa isang taong nagkasala, na maaaring makita sa kilos ni Donya Maria Blanca nang pagbuhusan niya ng tubig si Don Juan bilang tanda ng kanyang galit.	

	Kapalaran – Ang itinakdang mangyari sa isang tauhan, tulad ng kapalaran ni Don Juan na maging tagapagmana ng trono.	
Habang Itinuturo ang Aralin		
Pagproseso sa Mahahalagang Pag-unawa/Susi ng Ideya	Gawain 1. ISAAYOS MO! Basahin ang mga talata na buod ng Ibong Adarna (Saknong 1363-1717). Tukuyin ang TITIK batay sa mga pangyayaring isinasalaysay sa talata upang mapagsunod-sunod ang mga pangyayari. Piliin ang letra ng pagpipilian sa ibaba (A-I). ___ 1. Kamatayan ni Haring Salermo (1363-1371) ___ 2. Kahilingan ni Donya Maria Blanca (1372-1400) ___ 3. Pagbabalik ni Prinsipe Juan (1401-1430) ___ 4. Pagdating ni Donya Maria (1431-1476) ___ 5. Ang Palabas ng mga Negrita (1477-1536) ___ 6. Pagliwanag ng Isipan (1537-1584) ___ 7. Ang Hinanakit ni Leonora (1587-1628) ___ 8. Puso ang Hahatol (1629-1688) ___ 9. Pagwawakas (1689-1715) Ang saknong 1363-1717 ng <i>Ibong Adarna</i> ay naglalaman ng mga mahahalagang pangyayari sa kwento, partikular ang mga pagsubok ni Don Juan sa Reyno de los Cristales, ang tulong ni Donya Maria Blanca, ang kanilang pagtakas, at ang pagtataksil nina Don Pedro at Don Diego. Mahalagang maunawaan at maisaayos nang tama ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayaring ito upang masuri ang pag-unlad ng kwento at ang mga aral na maaari nating matutunan. Mga Pangunahing Pangyayari: Mga Pagsubok ni Don Juan sa Reyno de los Cristales • Si Don Juan ay pinahirapan ng hari ng Reyno de los Cristales, si Haring Salermo, sa pamamagitan ng mahihirap na utos. • Kasama rito ang paghahanap ng nawawalang singsing sa dagat, pagsasaayos ng isang bundok sa	

	loob ng isang gabi, at iba pang hamon na tila imposibleng gawin ng isang tao. • Sa bawat pagsubok, tinulungan siya ni Donya Maria Blanca gamit ang kanyang mahika. Pagtakas nina Don Juan at Donya Maria Blanca • Dahil alam nilang hindi kailanman papayag si Haring Salermo sa kanilang pag-iibigan, nagtakas sina Don Juan at Donya Maria Blanca. • Ginamit ni Donya Maria Blanca ang kanyang mahika upang linlangin ang hari, tulad ng pagpapalit ng kanilang anyo upang hindi sila madaling mahuli. Pagtataksil nina Don Pedro at Don Diego • Nang makarating sina Don Juan at Donya Maria Blanca sa Berbanya, muling ipinakita nina Don Pedro at Don Diego ang kanilang kasakiman. • Pinagtaksilan nila si Don Juan at ipinagkanulo siya, dahilan upang makuha nila si Donya Maria Blanca. Paglimot ni Don Juan kay Donya Maria Blanca • Dahil sa mahikang ginamit ni Donya Maria Blanca upang itago ang kanilang pagtakas, unti-unting nakalimutan ni Don Juan ang kanilang pagmamahalan. • Nagdulot ito ng matinding kalungkutan at galit kay Donya Maria Blanca. Pagbabalik ng Alaala ni Don Juan at ang Katuparan ng Pag-ibig • Sa huli, naalala ni Don Juan ang lahat ng nangyari at napatunayan ang kanyang tunay na pagmamahal kay Donya Maria Blanca. • Nabigyang katarungan ang lahat ng naganap, at sila ay nagkatuluyan. Tanong para sa Mas Malalim na Pag-unawa:	Ipabasa na sa mag-aaral ang Saknong 1363-1717 bago ang araw ng pagkaklase. Ang Worksheet Blg.1 ay pansuporta sakaling hindi nagbasa ng mga itinakdang mga saknong ang mga magaaral. Ibinuod na ito bilang suporta sa guro at sa magaaral. Maaari din na ipagawa na ang Worksheet Blg.1 bilang Takdang Gawain bago ang araw ng klase. Mahaba ang mga talata, ngunit mahalagang maipaunawa ito sa mag-aaral upang higit na masagutan ang mga susunod na pagsasanay Sagot sa ISAAYOS MO!: 1.Kamatayan ni Haring Salermo (1363-1371) - A
--	---	--

	- Ano ang kahalagahan ng pagsunod-sunod ng mga pangyayaring ito sa kabuuang kwento? - Paano nakaapekto ang mga pagsubok sa paghubog ng karakter ni Don Juan? - Ano ang maaaring mangyari kung hindi tinulungan ni Donya Maria Blanca si Don Juan?	2.Kahilingan ni Donya Maria Blanca (1372-1400) – C 3.Pagbabalik ni Prinsipe Juan (1401-1430) - E 4.Pagdating ni Donya Maria (1431-1476) - B 5.Ang Palabas ng mga Negrita (1477-1536) – F 6.Pagliwanag ng Isipan (1537- 1584) - G 7.Ang Hinanakit ni Leonora (1587-1628) - D 8.Puso ang Hahatol (1629-1688) - I 9.Pagwawakas (1689-1715) – H															
<i>Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susi ng Ideya/Paglinang at Pagpapalalim</i>	Gawain 1: Pagpupuno ng Talahanayan Panuto: Punan ang talahanayan sa pamamagitan ng paglalagay ng tamang sagot sa kahon. Tukuyin kung anong pagsubok, tulong, tagumpay, o pagtataksil ang nangyari sa bawat pangyayari. <table border="1"> <thead> <tr> <th>Bilang</th><th>Pangyayari</th><th>Kategorya (Pagsubok, Tulong, Tagumpay, Pagtataksil)</th></tr> </thead> <tbody> <tr> <td>1</td><td>Inutusan si Don Juan na hanapin ang nawawalang singsing sa dagat.</td><td></td></tr> <tr> <td>2</td><td>Tinulungan siya ni Donya Maria Blanca sa mahihirap na pagsubok.</td><td></td></tr> <tr> <td>3</td><td>Matagumpay na nakatakas sina Don Juan at Donya Maria Blanca mula sa kaharian.</td><td></td></tr> <tr> <td>4</td><td>Pinagtaksilan nina Don Pedro at Don Diego si Don Juan.</td><td></td></tr> </tbody> </table> Panuto: Sagutin ang sumusunod na tanong sa isang maikling talata (3-5 pangungusap).	Bilang	Pangyayari	Kategorya (Pagsubok, Tulong, Tagumpay, Pagtataksil)	1	Inutusan si Don Juan na hanapin ang nawawalang singsing sa dagat.		2	Tinulungan siya ni Donya Maria Blanca sa mahihirap na pagsubok.		3	Matagumpay na nakatakas sina Don Juan at Donya Maria Blanca mula sa kaharian.		4	Pinagtaksilan nina Don Pedro at Don Diego si Don Juan.		
Bilang	Pangyayari	Kategorya (Pagsubok, Tulong, Tagumpay, Pagtataksil)															
1	Inutusan si Don Juan na hanapin ang nawawalang singsing sa dagat.																
2	Tinulungan siya ni Donya Maria Blanca sa mahihirap na pagsubok.																
3	Matagumpay na nakatakas sina Don Juan at Donya Maria Blanca mula sa kaharian.																
4	Pinagtaksilan nina Don Pedro at Don Diego si Don Juan.																

	1. Ano ang unang pagsubok na ipinagawa ni Haring Salermo kay Don Juan? A. Paghahanap ng nawawalang singsing sa dagat B. Pag-aalaga ng isang mahiwagang kabayo C. Pagsasaayos ng isang bundok sa loob ng isang gabi D. Paggawa ng gintong palasyo 2. Paano natulungan ni Donya Maria Blanca si Don Juan sa paghahanap ng singsing? A. Ginamit niya ang kanyang mahiwagang ibon upang hanapin ito. B. Inutusan niya ang kanyang mga alipin na sumisid sa dagat. C. Pinaghiwalay niya ang tubig ng dagat gamit ang kanyang mahika. D. Pinahiram niya si Don Juan ng mahiwagang espada. 3. Bakit nagtakas sina Don Juan at Donya Maria Blanca mula sa Reyno de los Cristales? A. Dahil gusto nilang tuklasin ang iba pang kaharian. B. Dahil hindi papayag si Haring Salermo na magpakasal sila. C. Dahil hinahanap nila ang nawawalang Ibong Adarna. D. Dahil nais nilang bumalik sa Kaharian ng Berbanya upang tulungan si Don Pedro. 4. Ano ang ginawa ni Don Pedro at Don Diego upang ipagkanulo si Don Juan? A. Pinaniwala nila si Haring Fernando na si Don Juan ay may masamang balak. B. Kinuha nila si Donya Maria Blanca at iniwan si Don Juan. C. Sinabi nila kay Donya Maria Blanca na si Don Juan ay may ibang kasintahan. D. Pinilit nilang ikulong si Don Juan sa isang tore. 5. Ano ang naging epekto ng pagtataksil nina Don Pedro at Don Diego kay Don Juan? A. Tuluyan nang nakalimutan ni Don Juan si Donya Maria Blanca. B. Bumalik si Don Juan sa kaharian at naghiganti sa kanyang mga kapatid. C. Sinubukan ni Donya Maria Blanca na ipaalala kay Don Juan ang kanilang pag-ibig. D. Umalis si Donya Maria Blanca at bumalik sa Reyno de los Cristales.	3.B 4.B 5.C
Mga Dagdag na Gawain	Panuto: Basahin ang mga sumusunod na pangyayari mula sa <i>Ibong Adarna</i> (Saknong 1363-1717). Ayusin ang mga ito	

<i>para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)</i>	ayon sa tamang pagkakasunod-sunod sa pamamagitan ng pagsulat ng bilang 1-5. Isulat ang tamang sagot sa inyong sagutang papel. ♦ A. Pinagtaksilan nina Don Pedro at Don Diego si Don Juan at kinuha si Donya Maria Blanca. ♦ B. Sinubok ni Haring Salermo si Don Juan sa pamamagitan ng mahihirap na utos. ♦ C. Tinulungan ni Donya Maria Blanca si Don Juan sa bawat pagsubok gamit ang kanyang mahika. ♦ D. Nalimutan ni Don Juan ang kanilang pagmamahalan, kaya gumawa ng paraan si Donya Maria Blanca upang maibalik ang kanyang alaala. ♦ E. Nagtakas sina Don Juan at Donya Maria Blanca mula sa Reyno de los Cristales.	
<i>Mga Tala</i>		
<i>Repleksiyon</i>		

Presented and demonstrated by:

(Teacher's Name)

Position

CHECKED AND OBSERVED:

Principal's Name

Position